**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 5, Issue 1**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Understanding of Poetry and Appreciation of Literature among Grade 7 students

**Emily Grace B. Dela Cruz**
Filamer Christian University
Roxas City, Capiz, Philippines
Email: delacruzemilygrace6@gmail.com

ABSTRACT

This study was conducted to determine the level of understanding of poetry and appreciation of literature among Grade 7 students. It also aimed to identify whether there is a significant relationship between students' understanding of poetry and their appreciation of literature. The respondents of the study were Grade 7 students from President Manuel Roxas Memorial Integrated School South, Hughes Street, Tanque, Roxas City, Capiz, during the School Year 2024–2025. The study employed a survey-correlational research design. The necessary data were gathered through the administration of a questionnaire and a test. Out of the two hundred thirty-eight (238) Grade 7 students, one hundred fifty (150) participants were selected using stratified random sampling and the lottery method. A test consisting of twenty-five (25) items was used to measure the students' understanding of poetry, while a researcher-made questionnaire was used to assess their appreciation of literature. Understanding of poetry served as the independent variable, while appreciation of literature was the dependent variable. All collected data were treated with confidentiality and were used solely for the purposes of this study. The data were analyzed using computer-processed statistics such as percentage, mean, frequency count, standard deviation, and Pearson r. The alpha level was set at 0.05 for all inferential tests. The findings revealed that Grade 7 students demonstrated a moderate level of understanding of poetry and a very high level of appreciation of literature. Furthermore, the study found no significant relationship between students' understanding of poetry and their appreciation of literature.

Keywords: Understanding of poetry, appreciation of literature, Grade 7 students

Date Submitted: December 13, 2025
Date Accepted: December 27, 2025
Date Published: January 3, 2026

---

DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0501707

Recommended citation:
Dela Cruz, E. G. B. (2026). Understanding of poetry and appreciation of literature among Grade 7 students. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 5 (1), 7798-7809. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0501707

# Pag-unawa sa mga Tula at Pagpapahalaga sa Panitikan ng mga mag-aaral sa Grado 7

**Emily Grace B. Dela Cruz**
Filamer Christian University
Roxas City, Capiz, Philippines
Email: delacruzemilygrace6@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang matukoy ang antas ng Pag-unawa sa mga Tula at Pagpapahalaga sa Panitikan ng mga mag-aaral sa Grado 7. Ito rin ay naglalayong matukoy kung may makabuluhang kaugnayan ang Pag-unawa sa mga Tula at Pagpapahalaga sa Panitikan ng mga mag-aaral sa Grado 7. Ang mga mga-aaral na nagsilbing kalahok ay mula sa President Manuel Roxas Memorial Integrated Schol South, Hughes Street, Tanque, Roxas City, Capiz sa Taong Panuruan 20241-2025. Ginamit sa pag-aaral na ito ang survey-correlational na pamamaraan ng pananaliksik. Ang mga kinakailangang datos ay tinipon sa pamamagitan ng pagbibigay ng talatanungan at pagsusulit. Mula sa dalawang daan at tatlumpu't walo (238) na mag-aaral sa grado 7 ay pumili lamang ang mananaliksik ng isandaan at limampu (150) na kalahok. Sila ay pinili sa pamamagitan ng stratified random sampling at pinili ang mga kalahok sa tulongng lottery method. Ginamit ang pagsusulit bilang instrument sa pagsukat ng kanilang pag-unawa sa mga tula na binubuo ng dalawampu't limang (25) aytem at talatanungan na orihinal na ginawa ng mananaliksik. Pag-unawa sa mga Tula ang malayang baryabol samantala ang pagpapahalaga sa panitikan ang diu-malayang baryabol. Ang mga nakalap na datos at impormasyon ay kompidensyal kaya ito ay pananatilihing pribado at gagamitin lamang sap ag-aaral na ito. Ang mga datos ay sinuri sa larangan ng computer-processed statistics, percentage mean, frequency count, standard deviation, at Pearson r. Ang alpha level ay nakaset sa 0.05 sa lahat ng inferensyal na pagsusulit. Ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang mga mag-aaral sa grado 7 ay may "katamtaman" na antas ng pag-unawa sa mga tula. Napag-alaman ding may "napakataas" na pagpapahalaga sa Panitikan ang mga mag-aaral. Natuklasan sa pananaliksik na "walang makabuluhang kaugnayan" sa pagitan ng Pag-unawa sa mga Tula at Pagpapahalaga sa Panitikan ng mga magaaral sa grado 7.

Mga susing salita: Pag-unawa sa tula, pagpapahalaga sa panitikan, mga mag-aaral sa Grado 7

## PANIMULA

Ang unang kabanata ng pag-aaral ay naglalatag ng kabuuang direksiyon at pundasyon ng pananaliksik sa pamamagitan ng malinaw na paglalarawan ng kaligiran, teoretikal na balangkas, suliranin at ipotesis, kahalagahan, pagpapakahulugan sa mahahalagang katawagan, at saklaw at hangganan ng pag-aaral. Sa kabuuan, ipinapaliwanag nito ang mga dahilan kung bakit isinagawa ang pananaliksik, ang mga batayang konseptuwal na pinaghanguan nito, at ang mga pangunahing baryabol, pamamaraan, disenyo, kalahok, instrumento, at istadistikang ginamit. Ang mga bahaging ito ay nagsisilbing gabay upang maunawaan ang lohikal na daloy at layunin ng pag-aaral.

Ang tula ay isang mahalagang anyo ng panitikan na nagsisilbing daluyan ng pagpapahayag ng damdamin, kaisipan, at karanasan ng tao sa pamamagitan ng mga saknong at taludtod. Taglay nito ang mga sangkap at elementong hindi karaniwang matatagpuan sa ibang anyo ng panitikan,

dahilan kung bakit itinuturing itong isa sa pinakamahirap na akdang pampanitikan na unawain. Ang malalim na kahulugan at mensaheng nais ipahayag ng tula ay nangangailangan ng masusing pagbasa at malawak na pag-unawa. Ayon kay Dr. Rufino Alejandro na binanggit sa pag-aaral ni Mendoza (2023), ang tula ay likha at ang makata ay isang manlilikha na gumagamit ng guniguni upang bigyang bagong anyo ang buhay. Hinuhugot ng makata ang kanyang paksa mula sa kalikasan at karanasan sa buhay at sa pamamagitan ng larawang diwa ay pinupukaw ang damdamin ng mambabasa.

Ang paglinang ng pag-unawa sa tula at kabihasaan sa pagsusuri nito ay mahalaga sapagkat pinapalalim nito ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konsepto, mensahe, at implikasyon ng mga akdang pampanitikan. Ayon kay Santos (2018), ang ganitong pokus ay nagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa sining ng panitikan at humuhubog sa kanila upang maging responsable at mapanagot sa kanilang interpretasyon at pagpapahalaga sa mga binabasang akda. Dagdag pa rito, binigyang diin ni Santos na ang paggamit ng mga estratehiya tulad ng pag-uugnay ng mga kaugnay na konsepto at pagbuo ng mas malalim na pang-unawa ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kabihasaan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng aktibo at malikhaing pakikilahok sa pagsusuri ng panitikan, nahuhubog ang mga mag-aaral bilang mapanuri, malikhain, at kritikal na tagapagmasid ng mga teksto.

Gayunman, ang pag-unawa sa tula ay nagiging hamon lalo na kung may kakulangan sa kasanayan sa pagbasa at pagsulat. Mahalaga ang pag-unawa sa tula sapagkat pinapalawak nito ang kaalaman ng mag-aaral tungkol sa mundo, nagpapalalim ng kanilang damdamin, at nagpapataas ng pagpapahalaga sa sining ng wika at paglikha. Higit pa rito, nakatutulong ang pag-unawa sa tula sa paglinang ng kasanayan sa malikhaing pagsulat, dahil natututuhan ng mga mag-aaral kung paano lumikha ng masining na akdang may kakayahang pumukaw ng damdamin ng mambabasa (Ongoco et al., 2017). Kaugnay nito, binanggit ni Baralla sa pag-aaral ni Sarabia (2022) na hindi magiging epektibo ang talakayan sa mga akdang pampanitikan kung walang sapat na pag-unawa ang mga mag-aaral sa kanilang binabasa. Kinakailangan ang aktibong pag-iisip, mahusay na paggamit ng memorya, at angkop na mga estratehiya upang maunawaan ang mga simbolo, kahulugan, at mensaheng nakapaloob sa tula.

Ang panitikan sa kabuuan ay nagsisilbing salamin ng buhay ng tao at ng lipunang kanyang ginagalawan. Ipinapahayag nito ang damdamin at kaisipan ng mga manunulat sa iba't ibang anyo at estilo, na nagbibigay-buhay at kulay sa kanilang mga karanasan at kasaysayan (Scribd, 2023). Sa paglipas ng panahon, patuloy na nagbabago ang panitikan kasabay ng pagbabago ng lipunan, kapaligiran, at agham, na makikita sa pag-usbong ng mga tulang sumasalamin sa iba't ibang henerasyon. Muling binigyang diin ni Baralla (2021) na ang epektibong pagsusuri sa mga akdang pampanitikan ay nakasalalay sa kakayahan ng mambabasa na maunawaan ang simbolikong mensahe ng teksto sa pamamagitan ng aktibong pag-iisip at paggamit ng angkop na estratehiya.

Ayon kay Tan (2015), ang panitikan ay binubuo ng mga sulat na nagpapahayag ng pinakamasining na damdamin at kaisipan ng tao. Ang kabihasaan sa pagsusuring pampanitikan ay mahalaga sapagkat tinuturuan nito ang mga mag-aaral kung paano suriin at pahalagahan ang mga akda. Malaki ang impluwensiya ng panitikan sa daigdig dahil inilalahad nito ang mga kaugalian, paniniwala, at paraan ng pamumuhay ng iba't ibang lahi, na nagiging daan sa pagkakaunawaan at pagkakalapit ng damdamin ng mga tao. Dagdag pa rito, binanggit ni Peñaroyo na binigyang sanggunian ni Sicad (2019) na ang mga akdang pampanitikan ay tumatalakay sa iba't ibang aspekto ng buhay at damdamin ng tao at nagsisilbing gabay sa pag-unawa sa sarili, sa lipunan, at sa diwa ng pagiging makatao.

Ang pagbasa at pag-unawa ay magkakaugnay na proseso sapagkat ang husay sa pagbasa ay hindi magiging ganap kung walang sapat na pag-unawa sa nilalaman ng teksto. Ang pag-unawa ang pundasyon ng masusing paghinuha sa binabasa at mahalagang salik upang maging makabuluhan ang pag-aaral ng panitikan (Scribd, 2020). Kaugnay nito, ang pagpapahalaga sa panitikan ay nagbibigay kakayahan sa mambabasa na maunawaan ang teksto, hubugin ang kanilang pag-uugali, at palawakin ang kanilang kaisipan sa pamamagitan ng masusing pagsusuri at kritikal na pag-iisip (Studocu, 2024). Ipinapakita rin ng panitikan ang mahalagang papel nito sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino, gaya ng binanggit ni Apuntan sa pag-aaral ni Tactay (2020), na ang panitikang Pilipino ay humuhubog sa mararangal na simulain na nagsisilbing puhunan sa pagbuo ng lipunan.

Bago pa man dumating ang mga mananakop, mayaman na sa sining at panitikan ang mga sinaunang Pilipino, na makikita sa mga pasalin dila tulad ng bugtong, salawikain, epiko, at awiting bayan, gayundin sa mga kuwentong bayan, alamat, mito, katutubong sayaw, at ritwal (Scribd, 2024). Ang ganitong uri ng panitikan ay nangangailangan ng masusing pagpili ng salita, wastong sukat ng pantig, at paggamit ng tugma upang maipahayag ang damdamin at kaisipan ng makata. Ayon kay Aguila (2017), mahalagang paunlarin ang kasanayan sa pagbasa at interes ng mga mag-aaral sa panitikan sa pamamagitan ng mga adbokasiyang nagpapadali sa pagsusuri ng mga akda at sa pag-unawa sa pahiwatig ng pamagat at nilalaman.

Ang pag-aaral na ito ay inangkla sa Teoryang Iskema nina Bartlett at Rumelhart, na nagpapaliwanag kung paano ginagamit at inaayos sa isipan ang kaalamang natutunan mula sa iba't ibang disiplina. Sa pamamagitan ng mga iskema, nananatili at mas nagiging organisado ang impormasyong natutunan ng isang indibidwal. Kaugnay ng mga pananaw at pagtalakay na ito, sinikap ng mananaliksik na alamin ang antas ng pag-unawa sa mga tula at antas ng pagpapahalaga sa panitikan ng mga mag-aaral sa Grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School South sa Taong Panuruan 2024 hanggang 2025. Ang mga konseptong ito ang nagsilbing pangunahing batayan sa pagsusuri ng ugnayan ng malayang baryabol na pag-unawa sa tula at di malayang baryabol na pagpapahalaga sa panitikan.

## Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagtukoy sa antas ng pag unawa sa mga tula at antas ng pagpapahalaga sa panitikan ng mga mag aaral sa grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School South sa Taong Panuruan 2024 hanggang 2025, gayundin sa pagsusuri kung may ugnayan ang dalawang baryabol na ito batay sa mga nakalap na datos mula sa mga kalahok ng pag aaral.

1. Ano ang antas ng pag unawa sa mga tula ng mga mag aaral sa grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School South?
2. Ano ang antas ng pagpapahalaga sa panitikan ng mga mag aaral sa grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School South?
3. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng pag unawa sa mga tula at antas ng pagpapahalaga sa panitikan ng mga mag aaral sa grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School South?

## METODOLOHIYA

Ang ikatlong kabanata ng pag aaral ay naglalahad ng disenyo at metodolohiyang ginamit upang matiyak ang sistematiko, lohikal, at obhetibong pangangalap at pagsusuri ng mga datos. Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay matukoy ang antas ng pag unawa sa mga tula at antas ng pagpapahalaga sa panitikan ng mga mag aaral sa Grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School South na matatagpuan sa Arnaldo Boulevard, Roxas City, Capiz na nakapagpatala sa Taong Panuruan 2024 hanggang 2025. Upang maisakatuparan ang layuning ito, ginamit ang survey correlational na disenyo ng pananaliksik na angkop sa paglalarawan ng kasalukuyang kalagayan ng mga baryabol at sa pagtukoy ng ugnayan sa pagitan ng mga ito. Ayon kay Best na binanggit ni Panado (2021), ang ganitong uri ng disenyo ay naglalarawan at tumutukoy sa isang paksa sa kasalukuyang panahon at ginagamit upang suriin ang umiiral na mga kondisyon, ugnayan, gawain, damdamin, at mga kalakarang nalilinang sa isang tiyak na populasyon.

Ang mga kalahok sa pag aaral ay binubuo ng mga mag aaral sa Grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School South. Ang kabuuang populasyon ng mga mag aaral sa Grado 7 ay 238, subalit pumili lamang ang mananaliksik ng 150 na mag aaral bilang sampol ng pag aaral. Ang pagpili ng mga kalahok ay isinagawa gamit ang quota sampling technique upang matiyak ang sapat at representatibong bilang ng mga mag aaral mula sa bawat seksyon. Ang distribusyon ng mga kalahok ay binubuo ng 23 mula sa seksyong SPJ mula sa kabuuang 37, 31 mula sa Hope mula sa kabuuang 50, 32 mula sa Love mula sa kabuuang 49, 32 mula sa Faith mula sa kabuuang 51, at 32 mula sa Kindness mula sa kabuuang 51. Sa kabuuan, ang 150 kalahok ay kumakatawan sa lahat ng seksyon ng Grado 7.

Batay sa profayl ng mga kalahok, 68 o 45.33 porsiyento ay mga lalaki samantalang 82 o 54.66 porsiyento ay mga babae. Sa usapin ng edad, 91 o 60.66 porsiyento ay nasa edad 12 pababa habang 59 o 39.33 porsiyento ay nasa edad 13 pataas. Kaugnay sa edukasyong natamo ng ama ng mga kalahok, 15 o 10.00 porsiyento ay nasa antas elementarya, 31 o 20.66 porsiyento ang nagtapos ng elementarya, 37 o 24.66 porsiyento ay nasa antas sekundarya, 34 o 22.66 porsiyento ang nagtapos ng sekundarya, 10 o 7.00 porsiyento ay nasa antas kolehiyo, 20 o 13.33 porsiyento ang nagtapos ng kolehiyo, 2 o 1.33 porsiyento ay nasa antas masteral, at 1 o 1.00 porsiyento ang nagtapos ng masteral o hindi nakapag aral. Ipinakikita ng mga datos na mas marami ang mga ama ng kalahok na nasa antas sekundarya. Samantala, sa edukasyong natamo ng ina ng mga kalahok, 11 o 7.33 porsiyento ay nasa antas elementarya, 30 o 20.00 porsiyento ang nagtapos ng elementarya, 33 o 22.00 porsiyento ay nasa antas sekundarya, 34 o 23.00 porsiyento ang nagtapos ng sekundarya, 15 o 10.00 porsiyento ay nasa antas kolehiyo, 13 o 8.66 porsiyento ang nagtapos ng kolehiyo, 10 o 6.66 porsiyento ay nasa antas masteral, at 4 o 3.00 porsiyento ang nagtapos ng masteral. Ipinahihiwatig ng mga datos na mas marami ang mga ina ng kalahok na nagtapos ng sekundarya.

Sa usapin ng hanapbuhay ng mga magulang, ipinakita na 59 o 39.33 porsiyento ng mga ama ay may permanenteng hanapbuhay, 71 o 47.33 porsiyento ay may di permanenteng hanapbuhay, at 20 o 13.33 porsiyento ay walang hanapbuhay. Ipinakikita ng datos na karamihan sa mga ama ng kalahok ay walang permanenteng hanapbuhay. Samantala, 52 o 35.00 porsiyento ng mga ina ay may permanenteng hanapbuhay, 73 o 48.66 porsiyento ay may di permanenteng hanapbuhay, at 25 o 17.00 porsiyento ay walang hanapbuhay, na nagpapakita na mas marami ang mga ina ng kalahok na walang permanenteng hanapbuhay.

Upang makalap ang kinakailangang datos, gumamit ang mananaliksik ng mga instrumentong binubuo ng tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay ang talatanungan para sa profayl ng mga kalahok na naglalaman ng personal na impormasyon tulad ng kasarian, edad, edukasyong

natamo ng mga magulang, at hanapbuhay. Ang ikalawang bahagi ay ang pagsusulit sa pag unawa sa mga tula na binubuo ng 30 aytem na orihinal na binuo ng mananaliksik sa tulong ng tagapayo at mga gurong eksperto sa Filipino. Ang pagsusulit ay isinailalim sa pilot testing na sinagutan ng 30 mag aaral na hindi kabilang sa aktuwal na pag aaral at dumaan sa item analysis kung saan pinanatili lamang ang mga aytem na may indeks sa pagitan ng 0.20 at 0.80. Ang ikatlong bahagi ay ang talatanungan sa pagpapahalaga sa panitikan na binubuo rin ng 30 aytem na personal na binuo ng mananaliksik, isinailalim sa content at face validity sa tulong ng 3 ekspertong guro sa Filipino, at ipinilot test sa 30 mag aaral na hindi kabilang sa pag aaral. Ang talatanungan ay nagkaroon ng Cronbach's Alpha na 0.911 na nagpapakita ng mataas na antas ng reliability.

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa matapos makakuha ng pahintulot mula sa punong guro ng paaralan at matapos maipabatid sa mga magulang at mag aaral ang layunin ng pag aaral sa pamamagitan ng liham. Sinimulan ang aktuwal na pangangalap ng datos sa Ikatlong Markahan ng Taong Panuruan 2024 hanggang 2025. Binigyan ang mga kalahok ng sapat na oras upang sagutan ang pagsusulit at talatanungan. Sa buong proseso ng pananaliksik, sinunod ng mananaliksik ang mga probisyon ng Republic Act 10173 o Data Privacy Act of 2012 upang matiyak ang pagiging kumpidensyal at pribado ng lahat ng impormasyong nakalap.

Matapos makolekta ang mga datos, ang mga ito ay inorganisa, inencode, at sinuri gamit ang Statistical Package for Social Sciences. Ginamit ang frequency count upang matukoy ang distribusyon ng mga tugon, ang mean upang ilarawan ang antas ng pag unawa sa mga tula at antas ng pagpapahalaga sa panitikan, at ang standard deviation upang masukat ang pagkakapare pareho at pagkalat ng mga tugon. Upang matukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pag unawa sa mga tula at pagpapahalaga sa panitikan, ginamit ang Pearson r bilang pamamaraang inferensyal na istadistika na itinakda sa 0.05 na antas ng kabuluhan. Sa kabuuan, ang metodolohiyang ginamit sa pag aaral ay idinisenyo upang matiyak ang pagiging wasto, maaasahan, at siyentipiko ng mga resulta ng pananaliksik.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay naglalahad at tumatalakay sa mga resulta ng pag-aaral batay sa mga datos na nakalap mula sa 150 mag-aaral sa Grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School South sa Taong Panuruan 2024 hanggang 2025. Ang mga datos ay nakuha sa pamamagitan ng survey-correlational na disenyo ng pananaliksik gamit ang pagsusulit sa pag-unawa sa mga tula at talatanungan sa pagpapahalaga sa panitikan na binuo ng mananaliksik. Ang pagsusuri ng mga datos ay isinagawa gamit ang computer-processed statistics na kinabibilangan ng frequency count, mean, standard deviation, at Pearson r, na may alpha level na 0.05. Ang talakayang ito ay mahigpit na nakabatay sa mga nakalap na datos at iniuugnay ang mga resulta sa mga layunin ng pag-aaral.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng 150 mag-aaral sa Grado 7 mula sa kabuuang populasyon na 238 mag-aaral, na pinili sa pamamagitan ng quota sampling. Ang distribusyon ng mga kalahok mula sa iba't ibang seksyon ay nagbibigay ng sapat na representasyon upang mailarawan ang antas ng pag-unawa sa mga tula at pagpapahalaga sa panitikan ng mga mag-aaral sa nasabing antas. Ang kontekstong akademiko at pang-edukasyon ng mga kalahok ay mahalaga sa interpretasyon ng mga resulta sapagkat ang Grado 7 ay nagsisilbing panimulang yugto ng mas sistematikong pag-aaral ng panitikan sa ilalim ng K to 12 kurikulum.

Batay sa mga resulta ng palarawang pagsusuri, ang antas ng pag-unawa sa mga tula ng mga mag-aaral sa Grado 7 ay natukoy na "katamtaman," na may mean na 15.29 at standard deviation

na 3.60. Ipinahihiwatig ng resultang ito na ang mga mag-aaral ay may bahagyang pag-unawa sa mga tulang kanilang binabasa ngunit hindi pa lubusang nahuhubog ang kanilang kakayahan sa mas malalim na pagsusuri ng mga kahulugan at mensahe ng tula. Ang katamtamang antas ng pag-unawa ay maaaring maiugnay sa kahirapan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga matatalinghagang salita, simbolismo, at elemento ng tula tulad ng sagimsim, talinghaga, at kariktan. Ang pagkakaroon ng mga salitang may malalalim na kahulugan gaya ng puring nilupig, irog, mapaniil, at kasasadlakan ay nagiging hadlang sa agarang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kabuuang diwa ng tula.

Ipinapakita rin ng mga resulta na ang pag-unawa sa tula ay mas nagiging madali kapag may gabay ng guro at gumagamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo. Gayunman, ang katamtamang antas ng pag-unawa ay maaaring magpahiwatig na hindi pa sapat ang dating pagkahantad ng mga mag-aaral sa masusing pagsusuri ng mga tulang pampanitikan. Ang impluwensiya ng makabagong teknolohiya at popular na digital na babasahin tulad ng social media, online games, at iba pang makabagong libangan ay maaari ring makaapekto sa interes at pokus ng mga mag-aaral sa mas tradisyunal na anyo ng panitikan tulad ng tula. Ang resultang ito ay sumasang-ayon sa pag-aaral ni Flagne (2018) na natuklasang "katamtaman" ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan dahil sa kakulangan sa sapat na pagsasanay at pagkahantad. Taliwas naman ito sa pag-aaral ni Delgado (2018) na nag-ulat ng "mahusay" na antas ng pag-unawa, na iniuugnay sa epektibong paggamit ng spiral approach sa kurikulum.

Samantala, ang antas ng pagpapahalaga sa panitikan ng mga mag-aaral sa Grado 7 ay natukoy na "napakataas," na may mean na 4.26 at standard deviation na 0.41. Ipinapakita ng resultang ito na bagaman may kahirapan ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga tula, nananatili pa rin ang kanilang mataas na pagpapahalaga sa panitikan. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may positibong saloobin sa panitikan at nakikita nila ang halaga nito sa pagpapalawak ng imahinasyon, pag-unawa sa sarili at sa iba, at paglinang ng pagpapahalaga sa kultura, paniniwala, at karanasan ng ibang tao. Ang panitikan ay nagsisilbing daluyan ng aliw, aral, at inspirasyon para sa mga mag-aaral kaya't patuloy nila itong pinahahalagahan.

Higit pa rito, ang mataas na antas ng pagpapahalaga sa panitikan ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok sa mga talakayang pampanitikan at handang magpahayag ng kanilang opinyon at saloobin hinggil sa mga akdang kanilang binabasa. Ang ganitong kasanayan ay mahalaga sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at epektibong komunikasyon, na may kabuluhan hindi lamang sa akademikong larangan kundi maging sa hinaharap na propesyonal na buhay. Ang resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Santos (2011) na nagsasaad na ang panitikan ay may mahalagang papel sa paghubog ng kamalayan sa kultura at pagpapalalim ng ugnayan ng mga tao. Gayundin, binigyang-diin ni Goswami na ang panitikan ay mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng isang indibidwal. Gayunpaman, taliwas ito sa pag-aaral ni De Andres (2020) na nagpakitang "napakababa" ang antas ng pagpapahalaga sa panitikan ng mga mag-aaral dahil sa kawalan ng interes at kahirapan sa pag-unawa sa mga akda.

Sa isinagawang inferensyal na pagsusuri gamit ang Pearson r, natuklasan na walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng pag-unawa sa mga tula at antas ng pagpapahalaga sa panitikan ng mga mag-aaral sa Grado 7, na may r value na 0.051 at significance value na 0.537. Dahil mas mataas ang significance value kaysa sa itinakdang alpha level na 0.05, tinanggap ang ipotesis na nagsasaad na walang makabuluhang kaugnayan ang dalawang baryabol. Ipinapahiwatig ng resultang ito na ang mataas o mababang antas ng pag-unawa sa mga tula ay hindi tuwirang nakaaapekto sa antas ng pagpapahalaga sa panitikan ng mga mag-aaral.

Ang kawalan ng makabuluhang ugnayan ay maaaring ipaliwanag sa pagkakaiba ng pokus ng mga instrumentong ginamit sa pagsukat ng bawat baryabol. Ang pag-unawa sa tula ay sinukat sa pamamagitan ng pagsusulit na nakatuon sa kognitibong aspekto, samantalang ang pagpapahalaga sa panitikan ay sinukat gamit ang talatanungan na sumusukat sa damdamin, saloobin, at emosyon ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na kahit hindi lubos na nauunawaan ng mga mag-aaral ang masalimuot na konsepto ng tula, maaari pa rin nilang pahalagahan ang panitikan bilang bahagi ng kanilang karanasan, aliwan, at pagpapahayag ng sarili. Ang resultang ito ay sumasang-ayon sa pag-aaral ni Sasson na binanggit ni Legarda (2017), na nag-ulat din ng kawalan ng makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng pag-unawa sa tula at pagpapahalaga sa panitikan.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta ng pag-aaral na ang mga mag-aaral sa Grado 7 ay may katamtamang antas ng pag-unawa sa mga tula ngunit may napakataas na antas ng pagpapahalaga sa panitikan, at na ang dalawang baryabol na ito ay hindi makabuluhang magkaugnay. Ang mga natuklasang ito ay nagbibigay-diin sa pangangailangang paigtingin ang mga estratehiya sa pagtuturo ng tula upang mapahusay ang pag-unawa ng mga mag-aaral, habang pinananatili at pinauunlad ang kanilang mataas na pagpapahalaga sa panitikan. Sa ganitong paraan, maaaring mas mapalalim ang kanilang kabatiran at kasanayan sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan, na magsisilbing mahalagang pundasyon para sa susunod na bahagi ng pananaliksik at sa pagpapaunlad ng edukasyong pampanitikan.

## KONGKLUSYON

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang matukoy ang antas ng pag-unawa sa mga tula at antas ng pagpapahalaga sa panitikan ng mga mag-aaral sa Grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School South sa Taong Panuruan 2024 hanggang 2025, gayundin upang alamin kung may makabuluhang kaugnayan ang dalawang baryabol na ito. Ginamit sa pananaliksik ang survey-correlational na disenyo, quota sampling method, at mga instrumentong binuo ng mananaliksik na dumaan sa content at face validity at pilot testing. Mula sa kabuuang populasyon na 238 mag-aaral, 150 ang napiling kalahok. Ang mga datos ay sinuri gamit ang computer-processed statistics na kinabibilangan ng frequency count, percentage mean, standard deviation, at Pearson r na may alpha level na 0.05. Batay sa mga resulta at talakayang inilatag sa naunang kabanata, malinaw na nailahad ang mahahalagang natuklasan na nagsilbing batayan ng mga kongklusyon at rekomendasyong inilahad sa bahaging ito.

Ipinakita ng mga resulta na ang antas ng pag-unawa sa mga tula ng mga mag-aaral sa Grado 7 ay nasa katamtamang antas. Ipinahihiwatig nito na bagaman may paunang kakayahan ang mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa ng mga tula, nakararanas pa rin sila ng kahirapan sa mas malalim na pagsusuri ng mga konsepto, taludturan, saknong, at kabuuang mensahe ng tula. Ang ganitong kalagayan ay maaaring magdulot ng hamon sa kanilang pagganap sa asignaturang Filipino, kabilang ang posibilidad ng mababang marka, pagkabahala, pagkainis, at pagkawala ng interes sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan. Ipinakikita rin nito na kinakailangan ng sapat na oras, masusing paggabay, at angkop na estratehiya mula sa mga guro upang mapalawak at mapalalim ang kaalaman ng mga mag-aaral sa mundo ng panulaan. Sa pangkalahatan, ang katamtamang antas ng kahirapan ng mga akdang pampanitikan ay may parehong positibo at negatibong implikasyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral, sapagkat maaari itong magsilbing hamon na nagpapasigla sa pagkatuto o hadlang na nagpapababa ng kanilang motibasyon kung hindi maagapan.

Sa kabilang banda, natuklasan na ang antas ng pagpapahalaga sa panitikan ng mga mag-aaral sa Grado 7 ay napakataas. Ipinapakita ng resultang ito na may positibo at matibay na saloobin ang mga mag-aaral sa panitikan bilang bahagi ng kanilang pag-aaral at pang-araw-araw na buhay. Ang mataas na antas ng pagpapahalaga ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay handang makilahok sa mga talakayang pampanitikan, magpahayag ng kanilang opinyon at damdamin, at pahalagahan ang mga aral at pagpapahalagang nakapaloob sa mga akda. Dahil dito, nagiging mas madali para sa mga guro ang pagtatalakay ng mga aralin sa panitikan sapagkat ang mga mag-aaral ay aktibo, interesado, at bukas sa pagkatuto. Ang ganitong kalagayan ay kapaki-pakinabang hindi lamang sa mga guro kundi pati na rin sa mga magulang, sapagkat ang mataas na pagpapahalaga sa panitikan ay maaaring maghikayat sa mga mag-aaral na maglaan ng oras sa pagbabasa ng mga aklat, palawakin ang kanilang kaalaman, at iwasan ang mga gawaing hindi nakatutulong sa kanilang akademikong pag-unlad. Sa mas malawak na pananaw, ang patuloy na pagpapahalaga sa panitikang Filipino ay nakatutulong sa pagpapanatili ng identidad, kultura, at pagpapahalagang makabayan ng mga mag-aaral.

Higit pang ipinakita ng mga resulta na walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng pag-unawa sa mga tula at antas ng pagpapahalaga sa panitikan ng mga mag-aaral sa Grado 7. Ipinahihiwatig nito na ang interes at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa panitikan ay hindi nakasalalay sa antas ng kanilang pag-unawa sa tula. Maaaring pahalagahan ng mga mag-aaral ang panitikan kahit pa sila ay nahihirapang unawain ang masalimuot na konsepto at simbolismo ng mga akdang patula. Ipinapakita rin nito na ang mataas na antas ng pagpapahalaga sa panitikan ay hindi awtomatikong nagreresulta sa mataas na antas ng pag-unawa sa mga tula, at gayundin, ang katamtamang antas ng pag-unawa ay hindi nangangahulugang mababa ang pagpapahalaga sa panitikan. Ang ganitong kalagayan ay maaaring maiugnay sa pagkakaiba ng pokus ng mga instrumentong ginamit at sa katotohanang ang pagpapahalaga ay higit na nakaugat sa damdamin at saloobin, samantalang ang pag-unawa ay nakabatay sa kognitibong kakayahan.

Batay sa kabuuang natuklasan, malinaw na may pangangailangang paigtingin ang mga hakbang upang mapaangat ang antas ng pag-unawa sa mga tula habang pinananatili at higit pang pinauunlad ang mataas na antas ng pagpapahalaga sa panitikan. Mahalaga na patuloy na hikayatin ang mga mag-aaral na magbasa ng iba't ibang akdang pampanitikan at aktibong makilahok sa mga gawaing may kaugnayan sa panitikan. Ang mga guro ay hinihikayat na gumamit ng mas malikhaing estratehiya, makabagong teknolohiya, at multimedia presentations upang gawing kawili-wili at makabuluhan ang pagtuturo ng tula at panitikan. Gayundin, mahalaga ang patuloy na suporta ng mga magulang sa paggabay at paglinang ng hilig ng kanilang mga anak sa pagbabasa at pag-aaral ng panitikan. Ang mga namumuno sa paaralan ay may mahalagang papel sa pagsuporta sa mga programang pampanitikan, seminar, at pagsasanay para sa mga guro upang mapahusay ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng panitikan.

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nagbigay ng malinaw na larawan ng kalagayan ng pag-unawa sa mga tula at pagpapahalaga sa panitikan ng mga mag-aaral sa Grado 7. Ipinakita nito na bagaman may hamon sa pag-unawa sa tula, nananatiling mataas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa panitikan. Ang mga natuklasang ito ay nagbibigay ng mahalagang ambag sa larangan ng edukasyong pampanitikan at nagsisilbing batayan para sa pagpaplano ng mga programang magpapalalim sa pag-unawa at magpapatibay sa pagpapahalaga sa panitikan. Higit sa lahat, ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing gabay at sanggunian para sa mga susunod pang mananaliksik na nagnanais suriin ang iba pang baryabol na may kaugnayan sa pagkatuto ng

panitikan at sa patuloy na pagpapaunlad ng kasanayan at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa wikang at panitikang Filipino.

## TALASANGGUNIAN

Adams, R., and Brown, L. (2015). Isang Pagsusuri ng Literatura sa mga Estratehiyang Heuristikong Pag-aaral sa Iba't Ibang mga Disiplina. Educational Review

Aguila, A.D. (2017) - Kabihasaan sa Pagsusuring Pampanitikan at Kakayahan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Grado 10

Baralla, B.C. (2021) - Pag-unawa Sa Tula at Pagbasa sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Baitang 7
De Andres, M.D. (2020) Pananaw, Kawilihin, Kahirapan at Komprehensiyon sa Panitikang Asyano ng mga Mag-aaral sa Grado 9, Di-nailathalang Master ng Sining sa Pagtuturo (Filipino) Tesis, Filamer Christian University, Paaralang Gradwado, Lungsod ng Roxas.

Dela Cruz, M. (2016). Pagsasanay sa Heuristikong Pag-aaral ng mga Mag-aaral sa Pagsusuri ng mga Akda. Philippine Journal of Education

Flagne, M.G. (2018) – Kakayahan sa Pagbasa at Pag-unawa ng mga Akdang Pampanitikan ng mga Mag-aaral sa Sekundarya

Gardoce, V.D. (2024) – Epekto ng Worksheet Bilang Kagamitang Pampagtuklas sa Pag-unawa ng mga Akdang Pampanitikan ng mga Mag-aaral sa Grado 7

(https://www.studocu.com/ph/messages/question/4615495/ano- ang-kahalagahan-ng-kasanayang-pagpapahalaga-sa- panitikan-a-pag-unawa-sa-teksto-b 10/10/24)

(https://www.scribd.com/document/448142952/FIL-5- Pagpapahalaga-ng-Panitikan 10/10/24)

(https://www.slideshare.net/slideshow/panitikanpptx- 260200976/260200976#8 10/17/24)

(https://studylib.net/doc/25548583/410295887?fbclid=IwY2xja wGvyotleHRuA2FlbQIxMAABHaU9_co62Ejh7No4uD-IleW4_qANF- PGbR1J7lAwSzvW9L-1eGNpT- qomg_aem_wLHu89gg1aYN4mvce6jR0Q 10/17/24)

(https://panitikan-pal-4.website2.me/ 10/17/24)

(https://www.ajhssr.com/wpcontent/uploads/2019/09/V93918118 7.pdf 10/20/24)

(https://www.coursehero.com/file/42388026/Tulang-Filipino- sa-Millenial-na-Henerasyondocx/ 10/20/24)

(https://www.scribd.com/document/724333629/Pananaliksik-2 10/23/24)

(https://www.ajhssr.com/wp- content/uploads/2021/06/ZK2156275281.pdf 10/24/24)

(https://www.dlsu.edu.ph/wp- content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo- 32/1/7-nibalvos.pdf 11/02/24)

(https://www.scribd.com/document 11/02/24)

(https:/414539986/Epekto-ng-mababang-komprehensyon-sa- pagbasa-ng-mga-mag-docx (Ret. 11/12/2020)

(https://www.scribd.com.doc, 1/08/2023).

Legarda, C.A. (2017), Istilo sa Pagkatuto, Interes at Komprehensiyon sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Grado 8, Di-nalathalang Tesis sa Master ng Sining ng Pagtuturo sa Filipino, Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.

Mendoza, R.B. (2023) – Kasanayan sa Pagkilala ng mga Matatalinhagang Salita at Paggamit nito sa Pagsulat ng Tula ng mga Mag-aaral sa Grado 9

Ongoco, D.E. (2017) – Pag-unawa sa ma akdang pampanitikan at Pagkatuto sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Grado 10

Panado, R.V. (2021) - Kahirapan at Komprehensiyon sa Panitikan at at Komprehensiyon sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Grado 8

Santos, J. (2018). Pagpapabuti sa Heuristikong Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsusuri ng Panitikan. Journal of Education and Pedagogy

Santos, R. B. (2020). Mga Hamon at Benepisyo ng Kabihasaan sa Pagsusuring Pampanitikan sa Pagpapalawak ng Kaisipan ng mga Mag-aaral. Journal of Literary Studies

Sarabia, R.T. (2022) - Kakayahan Sa Pagsulat, Pagbigkas, At Pag-unawa Sa Tula Ng Mga Mag-aaral Sa Grado 8

Tejada, J.E. (2023) – Kasanayan sa Pagbuo at Pagbigkas ng Spoken Word Poetry at Pag-unawa ng mga Tulang Filipino ng mga Mag-aaral sa Grado 12

Sicad, J.G. (2019) – Kahusayan sa Balarila, Panitikan at Pagkatuto sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Grado 9

Sorongon, J.P. (2019) Kasanayang Panggramatika, Panretorika at Pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Baitang 7 Di-nalathalang Tesis sa Master ng Sining ng Pagtuturo sa Filipino, Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.

Tactay, R.C. (2020) - Pagsasaliksik at Pagsusuri sa mga Kaugalian, Pamumuhay, Paniniwala, Kakintalan at Pagpapahalagang Moral ng mga Panitikan ng Makato Aklan

Tan, A. G. (2015). Ang Kabihasaan sa Pagsusuring Pampanitikan bilang Kahalagahan sa Pag-unlad ng mga Kaisipang Pang-ekonomiya ng mga Mag-aaral. Economic Studies Journal

Tejada, MC.B. (2020) – Pag-unawa at Pagkatuto sa Iba't ibang Genre ng Panitikan ng mga Mag-aaral sa Grado 10